



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 19

Oktubre 7, 2006

www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Kaliwa't kanang pagpapakana ng rehimeng Arroyo


**S**abayang itinutulak ngayon ng Malakanyang ang "Plan A" at "Plan B" upang maisagawa ang "Cha-cha" (*charter change* o pagbabago ng reaksyunaryong konstitusyon) bago ang nakatakdang halalan ng 2007. Habang iginigiit ng mga alipures ni Arroyo sa Korte Suprema ang ligalidad ng "people's initiative" na paraan ng Cha-cha, todo laga naman ang mga maniobra sa Kongreso na itransforma ang sari-sari sa isang "Constitutional Assembly" (Con-Ass) o asembliyang may kapang-yarihang baguhin ang konstitusyon. Subalit alinman sa dalawa ay kumakaharap sa malalaking pampolitika at ligal na balakid at magtagumpay lamang sa pamamagitan ng pagbuldoser sa lahat ng humahadlang sa mga ito.

Nitong Setyembre 26, namilipit si Solicitor General Eduardo Nachura, ang ULAP (Union of Local Authorities of the Philippines) at Sigaw ng Bayan sa pag-papaliwanag sa Korte Suprema ng mga batayan ng kanilang petisyong baguhin ang konstitusyon (*tingnan ang kaugnay na artikulo*) sa pamamagitan ng "people's initiative" o pangangalap ng pirma ng 3% ng mga botante sa bawat

distrito. Kahit pa tambak ang mga huwes na itinalaga ni Arroyo, mahihirapan ang Korte Suprema na tahasang katigan ang petisyong ito na hindi nag-uudyok ng matinding reaksyon ng mamamayan.

Kaya naman pinapaspasan ng pangkating Arroyo ang "Plan B" na muling itinutulak ng mga alipures ni-to sa Kongreso ang Con-Ass. Determinado silang isalaksak ang Con-Ass kahit pa hindi nila makuhang pagsang-ayon at paglahok ng Senado, tulad ng itinatakda ng reaksyunaryong batas. Nangunguna ito ngayon sa adyenda ng Kongreso at inaasahang tatapusin sa loob ng isa o dalawang buwan. Kung mga alipures ni Arroyo ang tatanungan, wala nang magaganap na eleksyon para sa pambansa at mga lokal na pamahalaan sa 2007 at maging sa 2010. Ang mga myembro ng Kongreso, mga pinunong lokal, at syempre, si Arroyo, ay mananatili sa kanilang pwesto sa susundin na limang taon o mahigit pa.

Walang sinasayang na panahon si Arroyo sa kanyang mga maniobra upang pangunahan at sansalain ang kilusang protesta ng naganganaglit na sambayanan.



**Mga tampok sa isyung ito...**

**Pagpupugay sa pinaslang na obispo**  
PAHINA 4

**FSQ: Kumperensya sa rebolusyong agraryo**  
PAHINA 8

**Kudeta sa Thailand**  
PAHINA 10

Walang pangingimi ang kanyang pangkatin sa panunuhol sa sinumang upisyal sa alinmang sangay ng gubyerno para mahawan ang daan para sa kanyang walang tanging na pananatili sa poder. Ang hindi madadaan sa suhol ay idinadaan sa pasistang paninindik at karahasan—kinakasuhan, ikinukulong, dinudukot at pinapaslang.

Subalit sa pagtutulak ng Cha-cha, lalo lamang ding pinalalala ni Arroyo ang krisis sa paghahari ng kanyang rehimeng. Inuudyok niya ang mga senador na pagibayuhin ang kanilang paninindigan laban sa Cha-cha at Con-Ass. Inuudyok niya ang mamamayan na magluwal ng higit na malawak at matinding mga protesta upang hadlangan ang kanyang maitim na balak na manatili sa poder. Sinisindihan niya ang mitsa ng ibayong rebolusyonaryong paglaban sa rehimeng.

Madiskaril man ang "Plan A" at "Plan B", determinadong ituloy pa rin ng rehimeng Arroyo ang Cha-cha sa susunod na taon. Upang magawa ito, ikinakasa na ni Arroyo at kanyang mga alipures ang mga plano upang tiyakin ang

panalo ng kanilang mga kandidato sa eleksyon sa Mayo 2007, katulad ng ginawa nila noong 2004. Bukod sa pagtitiyak na "maipapanalo" ang mayorya ng mga lokal na upisyal at mga kongresista, sinisipat din nila na maiupo ang kanilang mga kandidato sa mayorya ng mga pusisyon sa Senado upang tiyakin na makokontrol at magagamit ito para sa planong Cha-cha at sa iba't iba pang mga pakana ng rehimeng.

Nakapananatili na lamang si Arroyo dahil sa suporta ng kanyang among imperialistang US, mga bayarang alipures na kongresista, pinunong lokal at pasistang heneral. Sa pagtutulak nito ng Cha-cha, muli na namang ipinakikita ni Gloria Arroyo kung bakit kailangang kumilos ang mamayang Pilipino upang wakasan ang kanyang papet, bulok at pasistang rehimeng. Sa pagtutulak niya ng Cha-cha, lalong nagkakaisa ang mamamayan at tumitibay ang kanilang determinasyon na wakasan ang paghahari ni Arroyo tulad ng ginawa noong 1986 sa diktadurang Marcos at noong 2001 sa rehimeng Estrada. **AB**

## Labanan ang pakanang Cha-cha

*Ang sumusunod ay mga sipi mula sa pahayag ng KTKS kaugnay sa laban ng Partido at mamamayan sa pakanang charter change.*

**T**ungkulin ng Partido na ubos-kawayang labanan at biguin ang pakanang Cha-cha ng papet at pasistang rehimeng Arroyo, kasabay ng ibayo pang pagpapaigting ng pakikibakang armado at di-armado, iligal at ligal, lihim at hayag para tuluy-tuloy na ihiwalay at pahinain hanggang mapabagsak ang kinamumuhiang naghaharing rehimeng. Mahigpit na mga tungkulin kaugnay nito ang mga sumusunod:

1. Puspusang ilantad ang anti-demokratiko, anti-nasyunal at anti-masang Cha-cha, kasabay ng puspusang paglalantad at paghihiwlay sa papet at pasistang rehimeng utak at promotor nito.

2. Iugnay ang pakikibakang anti-Cha-cha sa lahatang panig na pagsusulong at pagpapatindi ng pakikibakang antipasista, antipyidal at anti-imperialista.

3. Mapangahas na palawakin ang nagkakaisang prenteng antipasista, anti-imperialista at antipyidal.

4. Mapangahas na lalong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya. Ubos-kayang labanan at biguin ang todong gera ng papet at pasistang rehimeng at amo nitong imperialismong US.

Ang labanan sa Cha-cha at kabuuang sitwasyon ay nagbibigay ng napakainam na pagkakataon para ibayong palawakin at palakasin ang mga rebolusyonaryong pwersa at isulong nang lahatang-panig ang rebolusyon. Dapat mapangahas na sunggaban ang pambihirang pagkakataong ito at pamunuan sa paglaban ang malawak na masa ng sambayanan. **AB**



Taon XXXVIII Blg. 19 Oktubre 7, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

### Editoryal

Kaliwa't kanang pakana ni Arroyo	1
Bulok na mga plano	3
Paghahanda sa pandaraya	4
Kurakot ni Arroyo, pasanin ng mamamayan	5
Milyun-milyong suhol	

### Pananalanta ng pasistang estado

Pagpupugay kay Obispo Ramento	7
Internasyunal na Araw ng Protesta	8

### Koresponsal

FSQ: Kumperensya sa rebolusyonaryong agraryo	9
--	---

### Sa ibayong dagat

Kudeta sa Thailand	10
--------------------	----

### Balita

11
----


# Bulok na mga plano ng Malakanyang

**B**ukod sa tinatawag nila mismong "Plan A" at "Plan B," marami pang nakahilerang pilit, marurumi at madudugong pakana ang rehimeng Arroyo para makapangunyapit sa poder sa harap ng malalaking usaping ligal at pulitikal na humahadlang dito. Di nagpapa-pigil ang pangkating Arroyo na gawin ang lahat ng magagawa, gaaano man kadumi, kabaluktot at karahas para sagasaan ang hadlang dito at makuha ang gusto nila.

Sa pagdinig noong Setyembre 26 ng Korte Suprema sa petisyon na inihain nina Solicitor General Eduardo Nachura, ULAP at Sigaw ng Bayan para sa "people's initiative", o Plan A, tumambad ang ginagawang panloloko sa mamamayan at pagpipilipit sa mga umiiral na batas. Doo'y inamin nilang di nila kilala at di naberipika ang mga pumirma sa nakalap nila umanong 6.3 milyong lagda. Iniharap ng mga tumututol ang mga ulat at patunay na nagkaroon ng malawakang pandaraya sa pangangalap ng mga pirma kung saan pati mga patay at mga tutol ay "nakapirma."

Nalantad rin doon na bigo ang "Sigaw ng Bayan" na matipon ang pirma ng 3% ng mga botante sa tatlong distrito sa Davao City, isa sa General Santos City at isa pa sa Makati City. Kinwestyon din na wala naman sa mga pinirmahang papel ang mga panukalang pagbabago sa konstitusyon at na Ingles ang lahat ng mga pinirmahang papel, samantalang hindi naman ito ang lenggwaheng nakararaming mamamayan.

Alinsunod sa petisyon, malaki ang nakasalang na mga pagbabago ng konstitusyon, kabilang na ang pagbabago ng forma ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo, taliwas sa umiiral na batas na maliliit na amyenda lamang sa konstitusyon ang maaaring idaan sa "people's initiative."



Maaalalang ibinasura ng Korte Suprema noong 1997 ang planong "people's initiative" ng grupong Pirma dahil walang partikular na batas para rito. Kinwestyon sa pagdinig kung bakit hindi kumilos ang Sigaw ng Bayan para makapagpasa ng batas para rito sa Kongreso. Kaya naman kinwestyon din kung bakit pinepetisyong muli ang Korte Suprema na baguhin ang dati nitong desisyon gayong walang nagbago sa sitwasyon mula 1997.

Ilan lamang ang mga ito sa mga usaping binanggit sa Korte Suprema na hindi masagot-sagot nang matino nina Nachura.

Samantala, para maitulak na ang "Con-Ass" o Plan B, planong isalang ang Resolusyon 1235 na nananawagan ng pagsasanib ng Kongreso at Senado sa isang kapulungan at ng sabayan nilang pagboto para sa pagbubuo ng asebliya. Ang resolusyon ito ay nagrerebisa at humahalili sa resolusyon 1230 na nagbibigay pa ng kaunting puwang para sa hiwalay

na pagboto ng Senado sa "Con-Ass." Sa Resolusyon 1235, 194 boto lamang ng mga kongresista ang kailangan upang mabalewala ang anumang pagtutol ng Senado.

Oras na maipasa na ang alinman sa mga resolusyon ito o kumbinasyon ng mga ito, papaspasan na ng mga alipures ni Arroyo ang mga pagbabagong gusto nilang gawin sa konstitusyon, kaagad itong isasalang sa isang reperendum sa darating na Enero 2007 at ita-transporma ang Kongreso sa isang "interim na parlamento." Kung masusunod ang planong ito, idaraos ang unang eleksyon para sa regular na parlamento sa pagitan ng Mayo at Nobyembre 2007. Samantala, mananatili sa poder ang lahat ng upisyal ng lokal na gubyerno. Ito na ang kanilang gantimpala sa masugid nilang pagpapakututa sa Malakanyang.

Samantala, sakaling magiba na naman ang planong ito ay niluluto na rin ng rehimeng pagtutuloy ng eleksyon sa Mayo 2007. Kabilang sa mga inihahanda ngayon kaugnay nito ang paglalaan ng bilyun-bilyon pisong *pork barrel* ni Arroyo sa badyet ng gubyerno para magsilbing panuhol sa eleksyon; at ang Executive Order 558 na magpasakamay sa bilyun-bilyong pisong pondo sa mga alipures niyang kongresista at pinunong lokal na ipamumudmod umano bilang "maliitang pautang" (*micro-finance*) sa pamamagitan ng iba't ibang ahensiya ng gubyerno at mga lokal na pamahalaan. Nagmamanobra rin si Arroyo na ituloy ang *automation* ng eleksyon at ipwesto ang mga depektibong makinang pambilang ng boto sa ilalim ng kanyang kontrol.


# Anomalya sa COMELEC, pinagtakpan

Malawakang kundenasyon ang sumalubong sa desisyon ng Office of the Ombudsman nitong Oktubre 2 na nag-abswelto sa mga upisyal ng COMELEC at mga kasapakat nila sa kaso ng korapsyon. Ito ay kaugnay ng ma-anomalyang pagbili ng mga depektibong *automated counting machines* (ACM) o mga makinang pambilang ng boto noong 2003. Iniutos ito ni Arroyo sa layuning alisin ang mga ligal na balakid upang magamit niya ang mga makina para makapandaya siya sa inaasam-asam niyang plebisito, o kung matutuloy, sa eleksyon sa darating na Mayo 2007.

Isang araw bago isa-publiko ang desisyon, lumpad patungong Switzerland si Ombudsman Merceditas Gutierrez upang takasan ang kaliwa't kanang batikos sa kanya. Si Gutierrez ay isa sa malalapit na kaibigan ni Gloria Arroyo, dating espesyal na konsultant ng pangulo, kaklase ni Mike Arroyo at kilalang opereytor ng rehimen.

Idinadahilan ng Ombudsman na wala itong nakitang anomalya sa pagkabili ng COMELEC sa naturang mga makina. Anito, hindi naman daw depektibo ang mga ACM ng Mega Pacific.

Ang pag-abwesto ng Ombudsman ay kabaligtaran ng tahasang rekomendasyon ng sarili nitong Field Investigation Office (FIO) noong Setyembre 4 na sampahan ng mga kasong kriminal, administratibo at sibil ang lahat ng upisyal ng COMELEC, isang upisyal ng Department of Science and Technology at anim na upisyal ng Mega Pacific sa kanilang pagkakasangkot sa naturang anomalya. Kinumpirma ng FIO ang maanomalyang proseso na dinaanan ng pagkagawad ng kontrata sa Mega Pacific at ang mga disbentahe nito sa panig ng gubyerno. Ayon sa FIO, malinaw ang kutsabahan ng mga upisyal ng COMELEC upang paboran ang Mega Pacific. Natuklasan din ng FIO ang



malapit na relasyon ni COMELEC Chairman Benjamin Abalos sa mag-asawang Tansipek, mga susing upisyal ng Mega Pacific.

Kabaligtaran din ito ng nauna nang desisyon ng Ombudsman noong Hunyo 2006 na kasuhan ang mga upisyal ng COMELEC at walong upisyal ng Mega Pacific. Inirekomenda noon ng Ombudsman na maghpag ng kasong *impeachment* laban kay COMELEC Commissioner Resurreccion Borra na noo'y humahawak sa naturang kontrata.

Dagdag dito, ang desisyon na ito ng Ombudsman ay taliwas sa nauna nang desisyon ng Korte Suprema na nagbawal sa paggamit sa mga ACM at nagpawalambisa sa kontrata noong 2004 sa pagitan ng COMELEC at Mega Pacific Consortium, kung saan mahigit 1,991 ACM ang isinuplay ng Mega Pacific para gamitin sa eleksyon 2004. Sinabi ng Korte Suprema na ang pagkaka-

buo ng kontrata ay sumagasa sa mga alintutunin ng *public bidding*. Nakhuha ng Mega Pacific Consortium ang kontratang ito kahit pa hindi ito lumahok sa *bidding*. Isang kumppanyang hawak ng Mega Pacific (ang "Mega Pacific eSolutions") ang lumahok sa *bidding* ngunit hindi naman nakapasa. Bukod pa rito, mas mahal nang ₱62 milyon ang mga makina ng Mega Pacific kumpara sa ibang kumppanyang lumahok sa *bidding*. Umabot sa ₱1.3 bilyon ang kontrata sa Mega-Pacific. Nitong Oktubre 4, naglabas ng pinal na desisyon ang Korte Suprema na nagpawalambisa sa kontrata sa pagitan ng COMELEC at Mega Pacific.

Maraming sektor ang tumututol sa paggamit ng naturang mga makina hindi lamang dahil sa anomalya sa pagbili nito, kundi dahil sa depektibo ang mga ito at madaling manipulahin. Inaasahang gagamitin iyong ni Arroyo upang matiyak ang panalo nila sa darating na halalan. Tinukoy din ng Korte Supreme na sa walo lamang sa labinlimang *verification test* na ginawa ng DOST ang ipinasa ng mga makina ng Mega Pacific.

Kaakibat ng desisyon ng Korte Suprema, iniutos nito sa Office of the Ombudsman ang pagsasagawa ng imbestigasyon upang tukuyin ang mga tuwirang sangkot sa anomalya at pagsasampa ng angkop na mga kaso laban sa kanila. Ngunit matapos ang dalawang taong imbestigasyon, sinasabi ngayon ng Ombudsman na walang anomalya sa kontratang pinasok ng COMELEC at inabswelto nito ang mga upisyal ng COMELEC at Mega Pacific sa kasong korapsyon.

# Kurakot ni Arroyo, pasanin ng mamamayan

**N**itong Setyembre 12, nagbayad ng ₱3 bilyon ang gobyerno ni Gloria Arroyo sa kumpanyang Philippine International Air Terminals Co. Inc. (Piatco), isang kumpanyang Pilipino-German na kinontrata ng gobyerno para itayo ang Ninoy Aquino International Airport Terminal 3 (NAIA 3). Ito umano ay paunang bayad pa lamang para sang-ayunan na ng Piatco na kontrolin at ioperreyt ng gobyerno ang NAIA 3. Isinagawa ang pagbabayad sa kabilang pagpapawalambisa na ng Korte Suprema sa kontrata ng Piatco noon pang Mayo 2003.

Ayon sa kontrata, dapat bukas na ito noong huling bahagi pa ng 2002. Nasimulan ito noon pang panahon ng rehimeng Ramos sa inisyatiba ng Asia's Emerging Dragons Co. (AEDC), isang grupo ng malaking Filipino-Chinese na kumprador kapitalista sa pamumuno ni Lucio Tan. Subalit dahil sa patung-patong na mga kontrobersya at anomalya sa ilalim ng tatlong magkasunod na rehimen, hanggang ngayon ay bakanteng mga gusali at *tarmac* (lapagan ng mga eroplano) lamang ang NAIA 3. Sa panahon ng rehimeng Estrada, sikretong naki-pagkutsabahan ang gobyerno sa Fraport AG, isang kumpanyang German, para masulot nito ang kontrata sa AEDC, gamit ang kumpanyang Piatco sa pamumuno ng Filipino-Chinese na *dummy* (prente) na si Cheng Yong.

Pagkaupung-pagkaupo pa lamang ni Gloria Arroyo sa pwesto, kaagad at sistematikong hinuthutan na nito ang Piatco. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*) Nang mabuhyag sa publiko ang pambahraso niya at ng kanyang asawang si Miguel "Mike" Arroyo sa Piatco, kunwang pinaimbestigahan niya ito at minaniobra ang pagpapawalambisa ng Korte Suprema sa kontrata nito upang mapasakamay na umano ng gobyerno ang mga pasilidad ng NAIA 3. Ang totoo'y paraan lamang ito

para magkaroon ng dahlang makipagnegosasyon ang Piatco kina Arroyo. Samantala, hindi naman pinaandar ng gobyerno ang NAIA 3. Napabayaan at nangasira pa ang mga pasilidad nito sa kamay ng rehimen.

Kabilang sa mga anomalyang ginawang basehan sa pagpapawalambisa ng Korte Suprema sa kontrata ang kawalang kapasidad sa pinansya ni Cheng Yong; ang maraming kaso ng katiwalian at korapsyon sa mga probisyon at implementasyon nito; ang pagpalobo sa gastos sa konstruksyon ng paliparan; at ang hindi natupad ng Piatco sa mga probisyon ng kontrata. Nabunyag din na taliwas sa nakasaad sa papeles ng Piatco, lumalabas na hindi 35% kundi 65% ang tunay na kabuuang sapi ng Fraport AG sa loob ng Piatco. Labag ito sa konstitusyon kung saan nakasaad na hanggang 40% lamang ang dapat ang pag-aari ng mga dayuhan sa mga estratehiko at pangutilidad na kumpanya.

Noong Pebrero 2003, nagsampa ng kaso sa International Chamber of

Commerce Arbitration Tribunal (ICC-AT) laban sa gobyerno ang Piatco. Ang ICC-AT ay pandaigdigang korteng may kapangyarihang ayusin ang mga alitan sa pagitan ng mga gobyerno at pribadong mamumuhang kumikilala rito. Ayon sa reklamo ng Piatco, nananatiling pag-aari nito ang NAIA 3 at kung gusto ng gobyerno na paganahin ito, kailangang bayaran muna ito ng karapatang halaga. Nagsampa rin ng isa pang reklamo ang Fraport AG laban sa

gobyerno nong Arroyo sa International Court for the Settlement of Investment Disputes (ICSID), isang pandaigdigang korteng pinopondohan ng World Bank para sa pagreresolba ng mga reklamo ng

mga dayuhang namumuhunan sa ibang bansa. Sa bahagi ng Fraport lamang, humihingi ito ng danyos na \$465 milyon (₱23.25 bilyon) sa gubyernong Arroyo. Ang lahat ng mga maniobra ng Piatco ay kabaligtaran ng naunang desisyon ng Korte Suprema na nagpawalambisa sa kontrata nito sa gobyerno. Malinaw sa batas ng bansa na ang gobyerno pa rin ang tunay na may-ari ng lupang tinitirikan at mga pasilidad ng NAIA 3, at kontratista lamang sa pagtatayo at pag-opereyt nito ang Piatco. Pero hindi iginiit ng rehimeng Arroyo ang pag-aari nito sa NAIA 3. Nagpakana pa ito ng kumplikado—at palsong—estrategiya. Naghahag ito ng kaso sa Korte Suprema para sa *expropriation* o pagkumpiska ng NAIA 3 kapalit ang halagang mapakakasunduan nila ng Piatco. Marami ang nagtaka sa hakbang na



ito ng rehimen. Sa likod nito, layunin lamang ni Arroyo sa paghiling ng *expropriation* na obligahin ng korte ang gubyerno na bayaran ang NAIA 3 ng halagang itatakdang Piatco. Ito'y para makapagkamal ng malaking kurakot si Gloria Arroyo sa mangyayaring bayaran.

Samantala, nanaig ang Piatco sa ICC-AT kahit pinawalambisa na ng Korte Suprema ang kontrata nito. Ayon sa ICC-AT, ang Piatco ang siyang nagmamay-ari sa mga pasilidad ng NAIA 3. Alinsunod rito ay pinaalis ang gubyerno sa NAIA 3 at pinababalik ito sa Piatco. Maaari lamang daw ipaubaya ng Piatco ang NAIA 3 kung magbabayad ang gubyerno sa kumpanya.

Kinilala ng ICC-AT ang desisyon ng Korte Suprema noong Disyembre 19, 2005 kung saan pinagtibay ang desisyon noong Disyembre 21, 2004 ng Pasay City Regional Trial Court (RTC) na maaari lamang mapasakayang gubyerno ang NAIA 3 kung babayaran nito ang Piatco ng halagang ₱3 bilyon. Inatasan noon ng Korte Suprema ang Pasay City RTC na itakda kung magkano ang karagdagan pang halagang dapat ibayad ng gubyerno sa Piatco bukod pa sa ₱3 bilyon. Minimum na ₱28.25 bilyon (\$565 milyon) hanggang ₱45 bilyon (\$900 milyon) ang kabayarang hinihingi ng Piatco.

Sa sobrang kasibaan kapwa ng Piatco at ni Arroyo, doble o higit pa ang ibabayad ngayon sa Piatco mula sa kabang-yaman ng bayan. Imbes sana na bayaran lamang ang Piatco sa aktwal na nagastos nito sa konstruksyon, papasanin ngayon ng mamamayang Pilipino ang bigat ng kabuuang halagang iginigiit ng Piatco sa gubyerno, kung saan tiyak na may

## Milyun-milyong suhol

**M**ula Hunyo hanggang Disyembre 2001, tumanggap si Gloria Arroyo ng \$2.1 milyon (₱105 milyon sa palitang ₡50=\$1) bilang suhol mula sa Piatco. Hindi nakumpleto ang pagtanggap sa kabuuang suhol na ₡220 milyon (o \$4.4 milyon) nang mabunyag na ang panghuhutot ng mag-asawang Arroyo noong 2002.

Dahil hindi nabuo ang usapang \$4.4 milyon, kunwang ipinarepara ni Arroyo ang kontrata ng gubyerno at Piatco sa tauhan niyang si Gloria Tan-Climaco, *presidential adviser on strategic projects*. Idinahilan ni Climaco na ang Piatco ay prente lamang ng Fraport AG para mapawalambisa ang kontrata nito at masimulan ang masalimuot na iskema ni Arroyo para makatiba pa rin siya sa proyektong NAIA 3.

Kasama sa pakana ang pagpapalobo ng Piatco sa gastos sa konstruksyon ng NAIA 3 kasabvat si Climaco, Executive Sec. Alberto Romulo at Pantaleon Alvarez, dating kalihim ng Department of Transportation and Communication. Kinailangan ang pagpapalobo sa gastos upang lumaki rin ang ibabayad ng gubyerno sa Piatco kapalit ng paghawak sa NAIA 3 at mapalaki ang halagang kakaltasin dito bilang kikbak ng mga Arroyo.

Samantala, noong Setyembre 2003 ay inireklamo naman ng Fraport na humingi ng hanggang \$70 milyon ang personal na abugado ni Gloria Arroyo na si Atty. F. Arthur Villaraza at mismong ang asawa nitong si Mike Arroyo upang mapatalsik sa proyektong NAIA 3 ang grupo ni Cheng Yong at maipalit dito ang grupo ni Lucio Tan na mas pinapaboran ng Fraport.

AB

hati si Arroyo.

Ang halaga ng kontrata sa pagitan ng gubyerno at Piatco para sa pagtatayo ng NAIA 3 ay \$323 milyon, pero mas mababa pa rito ang aktwal na nagastos dahil may mga bahaging di tinupad ang Piatco (tulad ng konstruksyon ng *tunnel* na magdurugtong sana ng NAIA 2 at NAIA 3). Katunayan, umabot lamang sa \$175 milyon (₱8.75 bilyon) ang nagastos ng Piatco sa konstruksyon ng NAIA 3. Kung itutuloy nga ng gubyerno ang operasyon ng NAIA 3, kailangan pa nitong gumastos ng karagdagang \$150 milyon para ma-

kumpleto ang mga kulang na pasilidad at mapaandar na ito.

Imbes na parusahan ang mga kumpanyang nandaraya sa pamahalaan, binigyan pa ito ng pagkakaataon ng gubyerno na kumita ng mas malaki kaysa sa nasa kontrata. Balewala kay Arroyo kung kaliwa't kanan man ang batikos na lugi ang pamahalaan sa bayaran. Ang mahalaga para sa kanya ay ang pagkamal niya ng pinakamalaking halaga sa kontrata ng gubyerno sa Piatco.

Hindi pa nagkakasya si Arroyo sa mga napiga na nito sa NAIA 3. Bago pa man ang pagbubukas ng paliparan ay nagpapahayag na ang Malakanyang na plano nitong isapribado ang NAIA 3. Mangangahuligan ito ng bagong pakikipagkasundo at pakikipaghatiwan sa iba na namang pangkat ng mga mamumuhanan.

Tiba-tiba na naman ang mga magkakutsabang magnanakaw. AB






# PKP, nagpugay sa pinaslang na obispo

**N**agpugay ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pinaslang na obispo ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) na si Bishop Alberto Ramento, na anito'y isang "tunay at malapit na kaibigan ng pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan." Anang PKP sa isang pahayag, napakataas ng pagturing ng Partido, NDFP at buong rebolusyonaryong kilusan kay Bishop Ramento at kinikilala siyang martir ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan, demokrasya at katarungang panlipunan.

Natagpuang patay si Bishop Ramento sa loob ng kanyang kumbento sa Tarlac City noong madaling araw ng Oktubre 3 na maraming sak-sak sa kanyang katawan. Anang PKP, pananagutan ng rehimeng Arroyo ang "brutal at karumal-dumal" na pagkakapaslang sa obispo.

Taliwas sa sinasabi ng pulisia na hindi sangkot sa pulitika si Bishop Ramento, tagapangulo siya ng Ecumenical Bishops Forum; tserman ng Promotion of Church People's Response-Central Luzon; tagapangulo ng Karapatan-Tarlac at *board member* ng Philippine Peace Center; tagapangulo ng Ecumenical Bishops Forum hinggil sa pagpaslang kay Rev. Edison Lapuz; *convenor* ng mga multisektoral na grupong Pilgrims for Peace, Movement of Citizens for Civil Liberties-Central Luzon, Peace Forum, Interfaith-Central Luzon at Church-Peasant Conference. Masugid rin siyang tagasuporta ng mga welgista ng Hacienda Luisita (HLI) at mahigpit na tumututol sa paknang Cha-cha ng Malakanyang.

Ayon sa PKP, malaon nang mahigpit na minamanmanan ng militar si Bishop Ramento at katunaya'y kabilang siya sa listahan ng mga pari ng IFI na tinatarget patayin o neutralisahin. Batid na ng IFI at ni Bishop Ramento mismo mula pa noong kalagitnaan ng 2005 ang pagiral ng listahang ito, na ipinaabot



sa kanila ng isang kontak sa loob mismo ng militar. Maliban sa pinaslang na obispo, ang mga nasa listahan ay sina Fr. Mario Quince, kura paroko ng Paniqui, Tarlac; Fr. Gregorio Lacanaria, kura paroko ng Victoria, Tarlac; Fr. Marshal Bautista, kura paroko ng Pura, Tarlac; at Fr. William Tadena, kura paroko ng La Paz, Tarlac—lahat masusugid na tagasuporta ng mga welgista sa HLI. Si Reverend Tadena ay pinaslang ng isang *death squad* ng militar noong Marso 13, 2005. Nauna nang inambus noong taong iyon sina Fr. Allan Caparro at kanyang asawang si Ailyn Cana-Caparro ng IFI sa Biliran, Leyte at ng Diocese of Samar.

Binatikos ng PKP ang basta-basta na lamang pagturing ng PNP sa pagpaslang kay Bishop Ramento bilang "simpleng kaso ng pagnanakaw at pagpatay." Anang PKP, puspu-

sang nalalantad sa pagkakapaslang kay Bishop Ramento ang pagiging doble-kara ng rehimeng Arroyo sa pag-iimbestiga umano nito sa mga pampulitikang pamamaslang. "Pinatutunayan ng pagkakapatay kay Bishop Ramento na hindi totoong may intensyon ang rehimeng Arroyo na pigilan ang mga pampulitikang pamamaslang at bagkus ay determinado pa itong itulak ang kampanya ng pagpatay sa mga aktibista, mamamahayag, taong-simbahan at mga kritiko nito at pananakot sa mamayahan."

Bumuhos din mula sa iba pang personahe at organisasyon ang pagpuri sa pinaslang na obispo at kundenasyon sa kanyang karumaldumal na pagkamatay. Ani Ka Luis Jalandoni, punong

negosyador ng National Democratic Front, "malinaw na gumagamit na ngayon ang rehimeng Arroyo ng duwaging taktika ng pagpaslang sa matatatag na kritiko at pagpapalabas na pagnanakaw lamang ang motibo." Pakay, aniya, ng taktika na alisan ng kabuluhan ang buhay ng isang katangi-tangi at progresibong lider-simbahan.

Bago ito, sinabi rin ni Bayan Muna Cong. Satur Ocampo na ang pagkamatay ni Bishop Ramento ay isa pang patunay na kalokohan lamang ang pagkakatataq ng Melo Commission. Ang pagpaslang sa obispo ay ginawa, aniya, "upang wakasan ang kanyang mapagkalinangang suporta sa maraming adhikain, kabilang ang karapatang-tao, kalayaang sibil at mahusay na paggubyerno.

Naglabas din ng mga pahayag ng kundenasyon ang Ecumenical Bishops Forum at mga lider ng simbahang Katoliko tulad ni Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines.

AB

# Internasyunal na Araw ng Protesta

**N**agpapatuloy ang internasyunal na kundenasyon sa lansakang pang-aabuso sa karapatan-tao ng rehimeng Arroyo. Noong Setyembre 21, target ng iba't ibang kilos protesta ang mga embahada at konsulada ng Pilipinas sa North America, Europe at Asia-Pacific nang gunitain ng mamamayang Pilipino ang ika-34 anibersaryo ng pagpataw ni Ferdinand Marcos ng batas militar. Naging okasyon din ang International Day of Protest against Repression in the Philippines para organisahan ang lahat ng demokratikong grupo at indibidwal na tutol sa mapaniil na pamamalakad sa bansa. Inorganisa ng International League for People's Struggle (ILPS) ang naturang pagkilos.

**Sa North America.** Naglunsad ng mga kilos-protesta sa walong syudad sa US:


Sa Los Angeles, California, inilarawan ang kalagayan ng karapatan-tao sa Pilipinas sa itinanghal na aksyon teatro sa kalsada. Pagkatapos nito, sumama sa rali ang iba pang alyadong organisasyon at naghanay sila sa Wilshire Boulevard patungong Philippine Consulate ng mga kabaong na simbulo ng mga biktima ng rehimeng Arroyo. Sama-samang nagmartsa sa San Francisco, California ang mga nagpoprotesta at binigkas ang mga pangalan ng mga pinaslang mula 2001. Itinatag sa Seattle, Washington ang Northwest Alliance for Human Rights at ang Filipino Community Center of Seattle. Suportado sila ng mga lider obrero, taongsimbahan at iba pang lider ng komunidad.

Nagdaos ng *candlelight procession* mula St. Patrick's Cathedral patungong Philippine Consulate sa Manhattan, New York. Inorganisa

sa Washington, DC ang isang demonstrasyon sa harapan ng embahada ng Pilipinas. May kaparehong pagkilos sa Chelsea, Massachusetts at North Carolina. Sa Honolulu, Hawaii, nagdaos ng porum at nagpalabas ng pelikula tungkol sa malubhang kalagayan ng karapatan-tao sa Pilipinas. Nagtapos ito sa *candlelight vigil* sa University of Hawaii.

Sa Canada, nag-organisa ang mga Filipino-Canadian ng mga rali-protesta sa mga konsulada ng Pilipinas sa mga lunsod ng Vancouver, Montreal at Toronto.

**Sa Europe.** Sa The Netherlands, sama-samang nagpiket ang mga aktibistang Dutch, Turkish at Pilipino sa Philippine Embassy sa The Hague at nagrali sa Dam Square, Amsterdam. Sa Geneva, Switzerland, pinuntahan ng mga Pilipino at Swiso ang Philippine Mission na dumadalo sa ikalawang sesyon ng United Nations Human Rights Co-



uncil. Nagsindi ng mga kandila ang mga Pilipino at Norwegian sa Oslo para sa mga biktima ng pang-aabuso sa karapatan-tao sa Pilipinas. Sa United Kingdom, nagpiket ang mga kasapi ng ILPS sa harapan ng Philippine Embassy sa Palace Green Road sa London. Samantala, sa Rome, Italy, dumalo ang mga Pilipino sa isang misa sa Chiesa Di Sant Alfonso para sa mga biktima ng batas militar at mga pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

**Sa Asia-Pacific.** Nagpiket ang mga migranteng Pilipino sa Philippine Consulate sa Sydney, Australia at nagsindi ng mga kandila sa Town Hall. May kilos protesta rin sa Melbourne. Sa Jakarta, Indonesia, naglunsad ng protesta sa harapan ng Philippine Embassy ang tatlong organisasyong Indones habang nagrali sa Seoul, South Korea ang mga migranteng Pilipino. Sinamahan sila ng mga Korean, Bangladeshi at Nepali at grupo ng mga abugado na nakabase sa naturang lunsod. Nag-demonstrasyon sa harapan ng Manila Economic and Cultural Office sa Taiwan ang mga manggagawang Tsino, estudyante at iba pang sektor. May pagkilos din sa Lahore City sa Pakistan, sa Hongkong at sa Tokyo at Nagasaki sa Japan. **AB**

PARSYAL NA LISTAHAN NG MGA LUMAHOK NA ORGANISASYON:		Sa US:	Bayan-USA • Anakbayan-Los Angeles
• Habi Arts	• National Alliance for Filipino Concerns	• POWER	• League of Filipino Students • Babae • Anakbayan-Seattle
• Pinay	• Philippine-US Solidarity	• Anakbayan NJ/NY	• New York Committee for Human Rights in the Philippines
• Katarungan	• Philippine Forum Committee Action	• Movement for a Free Philippines	• International Action Center
• CAAAV: Organizing Asian Committees	• Nodutdol	• Committee Organizing Coalition of Philadelphia	• Anakbayan-Honolulu
• Changemaker	• Kalayaan	• Amnesty International	• AKP (Norwegian Left Party)
• Gerakan Rakyat Indonesia	• MINBYUN	• Aliansi Mahasiswa Papua (Indonesia)	• KASAMMA (South Korea)
• Aliansi Mahasiswa Papua (Indonesia)	• All Pakistan Trade Union	• Labor Rights Association	• Human Rights Program
• Mga estudyante ng Soochow University sa Taiwan.			



Sa Far South Quezon

## Panlarangang kumperensya sa rebolusyong agraryo, matagumpay na naidaos

**M**atagumpay na naidaos ang Unang Panlarangang Kumperensya sa Rebolusyong Agraryo sa Far South Quezon noong Agosto 16-22. Dinaluhan ito ng 109 delegadong kinabibilangan ng mga tagapangulo ng mga balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid at mga organisasyon ng masa at mga kasapi ng mga sangay ng Partido sa lokalidad mula sa mga bayan sa Far South Quezon. Dumalo rin ang mga tagamasid mula sa iba pang mga larangang gerilya sa Quezon at iba pang prubinsya ng Southern Tagalog. Sa gayong komposisyon, natiyak ang isang antas ng lalim, la-wak at yaman ng mga talakayan sa kumperensya. Mapayapa at matagumpay na naisagawa ang nasabing kumperensya sa gitna ng malakihang operasyong militar ng AFP sa larangan.

Tema ng kumperensya ang paglaban upang maipagtanggol ang buhay at kabuhayan ng masang magsasaka, pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa mas mataas na antas at pagbigo sa todo-largang digma ng rehimeng Arroyo.

Naging mayamang demokratikong paaralan ang kumperensya hinggil sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo mula pa noong dekada 1970 hanggang sa kasalukuyan. Tinukoy ang mga tagumpay na nani ng rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka sa pagbabago ng partihan sa mga niyugan mula sa tersyo tungong tersyong baligtad (67%-33% pabor sa magsasaka); ang mga paglaban sa mga kumpanya ng pagtotroso tulad ng Sta. Cecilia Sawmill na pag-aari ng mga Morato; ang paglaban sa malalawak

na pastuhan at asyenda at mga panginoong maylupa sa larangan; ang anti-unting pagpawi ng usura at ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawang bukid. Hinanguan din ng aral ang mga positibo at negatibong karanasan sa pagtatayo at pagpapagana ng suyuhan at mga kooperatiba, hanggang sa pagtanggol sa mga tagumpay laban sa pandarahas at pananakot ng kaaway.

Isang malaking tagumpay ng kumperensya ang pag-iisa sa interpretasyon sa pangunahing suliranin, pangunahing kaaway, mga partikular na praktika at nararapat na paniniindigang dalhin at ipaglaban ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa larangan. Pinagkaisahan din ang magiging taktika ng paglaban sa pagsusulong ng iba't ibang

anyo ng kampaña. Sa gayon, ang kumperensya ay nagsilbing pang-ideolohiyang paghahanda para sa pagdadala ng kilusang antipyudal at rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa larangan sa bago at mas mataas na antas. Ito ang naging matibay na pundasyon sa pagbubuo ng makinarya mula sa antas ng larangan hanggang sa mga seksyon at sa partikular na mga baryo o asyendang paglulunsaran ng rebolusyong agraryo hanggang sa pagtagumpay ng mga ito.

Kabilang sa mga mayor na isulong na laban ang pagbabago ng partihan sa asyenda at mga nyugan at mga kampanya laban sa pagsasamantala ng mga panginoong maylupa-komersyante ng kopra; laban sa sanglaan at usura; laban sa CARP-CLOA; para sa pagtataas ng presyo ng kopra at iba pang produktong bukid; pagpapaunlad ng mga kooperatiba at mga abandono, donado at inembargong lupain; at laban sa RSOT at paglabag sa mga karapatang-tao.

Pinagtibay din sa nasabing kumperensya ang dalawang resolusyon hinggil sa pagtataas ng antas ng organisasyong masa at pagpasigla ng rekrutment ng pinakamuhusay na anak ng mga magsasaka sa Bagong Hukbong Bayan. Sa pagtatapos ng kumperensya ay binuho na ang Komite sa Paghahanda para sa pagbubuo ng PKM-Far South Quezon.



# Kudeta sa Thailand

**P**inatalsik sa isang kudeta si Prime Minister Thaksin Shinawatra ng Thailand noong Setyembre 19. Si Thaksin ay isang bilyunaryong negosyanteng naging pulitiko at nang-abuso sa kapangyarihan para mangurakot at lalong makapagkamal ng yaman. Ang kudetang pinamunu-an ng hepe ng Thai Army na si Gen. Sonthi Boonyarataglin ay inilunsad umano para matigil na ang talamak na korapsyon ng rehimeng Thaksin, ang pandaraya sa eleksyon at ang pang-aabuso nito sa kapangyarihan.

Idinahilan din sa paglulunsad ng kudeta ang pasistang panunupil ng rehimeng Thaksin sa pag-aalsa ng mga Muslim sa Thailand na nag-resulta sa maraming paglabag sa karapatang-tao, kabilang ang mahigit 1,700 kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay sa mga oposisyunita at mga rebelde.

Dalawang araw bago ang kudeta, lumipad si Thaksin patungong New York para umano daluhan ang pulong ng United Nations General Assembly. Subalit may iba na rin siyang plano. May pangamba na siya noong mapatatsik na siya ng gagiganteng raling nakatakdang ilunsad kinabukasan ng pagbyahe niya. Kaya kasabay ng pag-alis niya'y itinakas na rin niya ang bilyun-bilyong dolyar na halaga ng kaya-manan lulan ng dalawang eroplano.

Nauna rito, ibinenta niya noon pang Enero ang kanyang kumpanya sa telekomunikasyon sa halagang \$1.9 bilyon nang walang anumang ibinayad na buwis sa gobyerno. Inilantad ng mga ito ang lubha at lawak ng korapsyon ng rehimeng Thaksin na nagbunsod ng daluyong ng kilusang masa para patalsikin ang bulok niyang paghahari. Sa ngayon ay may mahigit 10,000 iba't ibang kaso ng korapsyon nakasampa laban kay Thaksin at mga kasapakat niya.

**Panunupil ng militar.** Naresolba ng pinakahuling kudeta sa Thailand ang korapsyon at panunupil ng naghaharing pangkating Thaksin. Ngunit katulad, kundiman mas masahol pa, ang pumalit na naghaharing pangkatin dito. Hindi nagaksaya ng panahon ang pangkating Sonthi upang ipwesto ang batas militar at ipatupad ang mga pasistang patakaran nito.


Ang marahas na pag-agaw ng kapangyarihan ng pangkating Sonthi mula sa pangkating Thaksin ay resulta ng pagtanggi ni Thaksin at kanyang mga alipures na mahihong makipaghatian sa limitadong rekursong maaaring dambungan ng buong reaksyunaryo uri. Sa kasaysayan ng Thailand, ang militar ang kadalasang ginagamit na instrumento ng mga

nag-aalsang reaksyunaryong pangkatin para patalsikin ang naghaharing rehimeng Thaksin at agawin ang kapangyarihan. Mula 1932 ay may 18 nang kudetang nailulunsad sa Thailand.

Sa kabilang anti-korapsyon at repormistang mga salitang bini-bitwan nina General Sonthi, matingkad ang anti-mamamayang la-yulin ng kudeta—agawan ng bwelo ang nabuong makapangyarihang kilusang masang napipinto na sanang magtagumpay sa pagpapatalsik kay Thaksin at lubhang pinangambahana nga niya sa pag-alis niya. Tulad ng iba pang reaksyunaryo, hinding-hindi mapapayagan nina General Sonthi na mapasakamay ng mama-mayan ang kapangyarihang magpatalisk sa naghaharing rehimeng Thaksin at magpairal ng mga demokratikong pagbabago sa lipunan.

Nang maagaw na nila ang kapangyarihan, agad itinayo nina General Sonthi ang isang "Council for Democratic Reform under Constitutional Monarchy" na nagdeklara ng kontrol at nagpataw ng batas militar sa buong bansa. Pinamumunuan nila ito sa ngalan ng hari ng Thailand para madisimula ang pagiging hunta-militar nito. Binubuo ito ng mga lider ng sandatahang lakas at hepe ng Royal Thai Police Office, na namuno sa kudeta. Pinawalambisa nito ang konstitusyon at nilusaw ang dalawang kapulungan ng parlamento, ang buong gubyerno at ang Constitution Court (korteng naghuhusga kung naaayon sa konstitusyon ang mga kinukwestyoning batas, patakaran at proseso).

Dahil sa tindi ng batikos mula sa internasyunal na komunidad, agad nangako ang konseho na



maglulunsad ng eleksyon sa Thailand para pumili ng bagong sibilyang gubyerno, pero Oktubre 2007 pa ang itinakdang dedlayn. Itinalaga nitong pansamantalang *prime minister* si Surayudh Chulanont, isang retiradong heneral.

Sa ilalim ng bagong rehimeng militar, bawal ang pagtitipon ng mahigit limang tao. Pinatitigil ang mga pulong at iba pang aktibidad ng lahat ng mga pampolitikang partido at ipinagbabawal ang pagtayo ng mga bagong partido politikal. Bawal ang anumang pagpapahayag ng pagtutol sa huntamilitar.

Ilang oras matapos ang kudeta, ipinataw ng huntamilitar ang *news blackout* sa lokal at internasyunal na mga ahensya sa pamamahayag. Ipinagbawal ang pag-eere ng mga brodkas mula sa labas ng bansa ng mga pahayag ni Thaksin. Mahigit 350 lokal na istasyon ng radyo na ang naisara sa buong bansa. Ang pinapayagan lamang manatiling bukas ay yaong mga kontrolado ng konseho. Inutusan ng konseho ang Ministry of Communications and Information Technology na "kontrolin, harangin at pawiin" ang lahat ng pahayag at pamamalita sa pahayagan, radyo at telebisyon na makasisira sa kanila umanong mga "demokratikong reforma" at makagugulo sa "kapayapaan."

Sinikil maging ang mga pahayag sa *internet* at sinarhan ang mga *sites* ng mga gustong magpahayag ng pagtutol. Pinagbabawalan din ang mga istasyon ng telebisyon na magpalabas ng *cellphone text messages* at mga programa sa radyo na nagpapahayag ng pampolitikang mga opinyon.

Mariing kinundena ng mga grupong nagtatanggol sa masmidya ang kudeta at ang mga lider nito. Nananawagan silang pawalambisa ang batas militar at muling pairalin ang konstitusyon at sibilyang gubyerno.

AB

## **Mga opensiba sa ComVal, Cagayan at Rizal, inilunsad ng BHB**

APAT na sundalo ang napatay at ilang malalakas na armas ang nasamsam sa hiwa-hiwalay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Compostela Valley, Cagayan at Rizal nitong Setyembre at Oktubre.

Sa Rizal, dalawang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang detatsment ng 16th IB sa Barangay Puray, Rodriguez noong umaga ng Oktubre 5.

Sa Compostela Valley, sinalakay ng Pulang Bagani Command 3

ng BHB noong gabi ng Setyembre 26 ang Tortuga Ventures Plantation, Inc. (TVPI) Packing Plant No. 7 sa Barangay Tagnanan, Mabini. Mabilis na sumuko ang mga nasopresang elemento ng ACD Security Agency na nagbabantay sa nasaibing plantasyon ng saging. Kinumpiska ang kanilang mga armas at iba pang kagamitang militar.

Sa Cagayan, dalawa pang sundalo mula sa 18th IB ang napatay sa ambus na inilunsad ng mga gerilya ng BHB sa Barangay Bunugan, Baggao noong Setyembre 18.

## **Tutulan ang muling pagbubukas ng San Jose Timber!—NDF-EV**

MARIING tinututulan ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa Eastern Visayas ang muling pagpayag ng gubyernong Arroyo na mag-opereyt ang San Jose Timber Corporation (SJTC) sa kagubatan ng Samar nitong mga nakaraang buwan. Sa isang pahayag, sinabi ng National Democratic Front-Eastern Visayas (NDF-EV) na walang pangngiming binuksang muli ng rehimeng Arroyo ang kagubatang ito sa SJTC kahit naideklara na itong isang protektadong erya na tinatawag na Samar Island Natural Park (SINP). Ito'y upang makuhang arroyo ang suporta ni Sen. Juan Ponce Enrile, may-ari ng SJTC, lalupa't maraming senador ang kumakalaban sa naghaharing rehimeng.

Saklaw ng konsesyon ng SJTC ang 95,000 ektarya sa isla ng Samar.

Mariing nagpahayag ang NDF-EV na hindi hahayaan ng rebolusyonaryong kilusan na makapagtrosong muli ang SJTC at maging ang iba pang *logging company* sa Samar. Anang NDF-EV, gagawin ng BHB ang lahat ng kaya nito upang pigilan ang kanilang mga operasyon alinsunod sa paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan at kalikasan. Idiniin ng NDF-EV ang patakaran ng rebolusyonaryong kilusan na ang papayagan lamang nitong pagputol ng kahoy ay yaong para sa lokal na konsumo ng mamamayan.

Nanawagan din ang NDF-EV na magkaisa ang mga Samarnon laban sa komersyal na pagtotroso para hindi mangyari sa isla ang trahedyang Ormoc City at Ginsaugon, Leyte kung saan libu-libong buhay ang nawala dahil sa biglaang pagbaha at pagguho ng lupa na ibinunga ng pagkakalbo sa kagubatan.

## Itim na propaganda ng militar, binatikos ng BHB-Negros

MARIING binatikos ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros ang militar sa ipinagkakalat ni-tong itim na propaganda na ang BHB umano ang pumatay sa tatlong dating Pulang mandirigma. Hindi ang BHB kundi ang AFP ang nasa likod ng sunud-sunod na pagpaslang kina Bonifacio Galagate, Emilio Opinio at Jaroy Martinez, ayon kay Ka Bayani Obrero,

tagapagsalita ng Boy Gatmaitan Command ng BHB sa Negros.

Sinalakay si Galagate ng 12 armadong lalaki sa kanyang bahay sa Sityo Gusnit, Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental noong Setyembre 25. Pinalabas muna siya bago pinagbabaril. Nasugatan din sa pamamaril ang kanyang anak na si Benjie, 17. Ang bahay ni Galagate ay malapit sa

hedkwarters ng 303rd Brigade. Ayon sa pahayag ni Benjie, mga militar ang pumatay sa kanyang ama.

Bago ito, mahigit 12 aktibista na ang pinapaslang sa Negros mula nang malukllok si Arroyo sa Malakanyang. Bukod pa ito sa bilang ng mga dinukot at hindi parin natatagpuan hanggang ngayon.

## Korapsyon sa Philcomsat at PCGG

NABUNYAG nitong Setyembre ang laganap na korapsyon sa Philippine Communications Satellite (Philcomsat) nang paimbestigahan ng Senado ang limang kumisyoner ng Philippine Commission on Good Government (PCGG) at ilang upisyal ng Philcomsat na itinalaga roon ng PCGG. Ang PCGG ang ahensya ng gubyernong inatasang hanapin ang mga nakatagong nakaw na yaman ng mga Marcos, imbestigahan ang mga ito, magsampa ng mga kasao at gumawa ng mga hakbang para mabawi ang mga ito.

Napag-alaman na malaon nang ginagawang palabigan ng mga upisyal ng PCGG ang Philcomsat at kapatid ni-tong mga kumpanya. Nakaupo pa sa Philcomsat ang maraming mga kroni ni Marcos. Tuluy-tuloy na nakikipag--areglo at nakikipagkutsaba ang mga ito sa mga upisyal ng PCGG.

Tampok sa pinakahuling anomalya ang pagbili ni PCGG Commissioner Ricardo Abcede ng mahaling sasakyang gamit ang pondong ng Philcomsat, ang maraming pribilehiyo at gastos na ikinarga


ng mga upisyal nito sa kumpanya at iba pang mga personal na luho na inilusot bilang upisyal na gastos ng kumpanya. Gayundin, mala-king bahagi ng mga sapi ng kumpanya ay inaako na ni Abcede.

Tumangging humarap sa imbestigasyon ng Senado ang mga upisyal ng PCGG na nakaupo sa Philcomsat. Ginamit nilang sangkalan ang Executive Order #1 (EO #1) na inilabas ng gubyernong

Aquino noon pang 1986 na nagsasaad na hindi raw obligado ang mga upisyal ng PCGG na humarap sa mga imbestigasyon ng Kongreso at Senado. Ngunit sinalungat sila ni dating Pres. Corazon Aquino mismo. Aniya, binabaluktot lamang ng mga taga-PCGG ang EO#1 at obligado pa rin silang humarap sa imbestigasyon. Katunayan, nawalan na ng bisa ang EO#1 matapos maipwesto ang konstitusyon ng 1987.

Iniutos ng Senado na arrestuhin ang mga sangkot na upisyal ng PCGG kung kaya nagsitago na ang limang salarin. Ang naabutan ng Senado ay si PCGG chairman Camilo Sabio ngunit tumanggi siyang sumagot sa mga tanong nito.

Ang Philcomsat ay isang kumpang pangtelekomunikasyon na sinekwester noong 1986 ng gubyernong Aquino matapos mapatalisk ang diktadurang Marcos dahil pinaniniwalaang may sapi ri-to ang mga Marcos na hawak ng mga *dummy* nila tulad ni Sen. Juan Ponce Enrile, kalihim ng depensa sa panahon ng diktadura. Pinatatakbo ito ngayon ng PCGG sa pamumuno ni Commissioner Abcede at apat pang upisyal ng komisyon.



## **Subic rape case, niluto na ng DOJ**

LALONG tumingkad ang pagluluto ng Department of Justice (DOJ) sa kaso ng apat na sundalang Amerikanong akusado sa panggagahasa ng isang 22-taong-gulang na Pilipina sa Subic, Zambales noong Nobyembre 2005 nang tumanggi ang lupon ng mga tagausig ng gubyerno na magpresenta ng ebidensyang kokontra sa mga pahayag ng depensa. Sa halip ay isinara na nila ang kanilang mga argumento at hihintayin na lamang daw ang hatol ng husgado sa Nobyembre 27. Bago ito ay nagrekklamo na ang biktima si “Nicole” at ang kanyang ina na “pinaglalaruan” na lamang ng mga tagausig ang kaso.

Hindi lamang ang biktima ang tinraydor ng DOJ. Mismong ang isang myembro ng panel ng mga tagausig, si Atty. Hazel Valdez, ang nagbunyag na ginawa ang gayong desisyon nang hindi man lamang siya kinokonsulta. Aniya, pinapunta pa siya sa pribadong abugado ni Nicole na si Atty. Evalyn Ursua para ikoordina umano ang paghahanda ng kontra-ebidensya, subalit lingid sa kaalaman ni Valdez ay isasara na pala ni Senior State Prosecutor Emily Fe de los Santos ang presentasyon ng ebidensya.

Niluluto ng DOJ ang kaso kapalit ng pabovableng desisyon ng US hinggil sa petisyon ni dating Agriculture Undersecretary Jocelyn “Joc-joc” Bolante na magawaran ng *political asylum* (o pagpapakanlong) doon. Nagkukumahog ang Malakanyang na makapanatili si Bolante sa US para maiwasan ang posibleng pagbubunyag niya ng kanyang nalalaman hinggil sa pagkurakot ni Gloria Arroyo sa bilyun-bilyon pisong pondong pang-abono at paggamit nito sa kampaanya niya noong Mayo 2004.

May malaking implikasyon din ang Subic *rape case* sa Visiting Forces Agreement (VFA) na nagpapahintulot sa presensya ng mga troopa ng US sa Pilipinas at nagsasaad kung papano haharapin ang mga insidente ng paglabag ng mga tropang ito sa mga lokal na batas. Dati nang nagsampa ng petisyon si Attorney Ursua hinggil sa pagrepaso at pagpapawalambisa sa mga probisyon ng VFA na aniya'y labis na pumapabor sa mga akusadong sundalang Amerikano at lumalapastangan sa interes ng mga Pilipinong biktima.

## **Pagbuwag sa RSBS, patunay ng talamak na korapsyon sa AFP**

ISA na namang di maitatwang patunay ng talamak na korapsyon sa Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napipintong pagbuwag sa Retirement and Separation Benefits System (RSBS) sa katapusang taon.

Ang RSBS, na itinatag noong 1973 para siyang pagmulan ng mga pensyon at benepisyo ng mga sundalo sa kabilang pagreretiro ay hindi man lamang napakinabangan kahit minsan ng kasundaluhan dahil sa grabeng pangngurakot dito ng mga retiradong upisyal militar na nangangasiwa rito. Umaabot sa ₱764 milyon taun-taon ang sumpitlang kinakaltas mula sa sweldo ng mga sundalo para sa RSBS subalit ngayon ay may ₱16 bilyon halaga ng mga pensyon ang hindi pa nababayaran ng gubyerno.

Isa sa pinakamatingkad na anomalya kaugnay ng pondo ng RSBS ang paggamit di dating AFP Chief of Staff Lissandro Abadia ng ₱2 bilyon rito para ipuhunan sa pag-aari niyang Antipolo Properties Inc. at Marilaque Land Inc. at paghingi pa umano ni Abadia ng pondo sa RSBS para ipanggastos sa kanyang kandidatura sa pagka-senador noong 1998 kung saan natalo si Abadia. Nakasalang ngayon ang kaso sa Office of the Ombudsman.

## **Kabagalan ng pagresponde sa bagyong “Milenyo,” binatikos**

KALIWAT kanang batikos ang inabot ng gubyernong Arroyo sa kabagalan ng pagresponde nito sa kalamidad at sa pagtingkad muli ng kawalang-kahandaan nitong harapin ang gayong mga sakuna.

Mahigit 200 katao ang napatay at lagpas ₡2 bilyon ang pinsala sa mga ari-arian at imparastruktura na dulot ng bagyong “Milenyo” sa Pilipinas. Kabilang sa mga nangawasak ang ilampung libong ektarya ng mga sakahan. Halos 400 paaralan din ang nasira. Ang bagyo, na humagupit sa bansa noong huling linggo ng Setyembre ay naging sanhi ng malawakang pagkawala ng kuryente na umapekto sa 43 milyon katao, mga biglaang pagbaha at pagguho ng lupa. Bukod sa napakabagal na pagbabalik sa serbisyo ng kuryente, ilampung libo rin ang hanggang ngayo'y wala pang tubig. Daan-daang libong tao ang napilitang lumikas sa kanilang mga tahanan sa kasagsagan ng bagyo para makaiwas sa dagdag na pinsala.

Pinakamatinding tinamaan ang prubinsya ng Sorsogon na tinatayang aabutin pa ng dalawang buwan bago mulung magkakuryente.


## Panibagong resesyon sa US, nagbabadya

UPISYAL nang idedeklarang mga ekonomista ng US na nasa resesyon ang kanilang ekonomya sa darating na 2007 dahil sa tuluy-tuloy na pag-sadsad ng pang-ekonomyang aktibidad roon. Ito ang pahayag ng mga ekonomista makaraang makitang mas mababa sa 2% ang tantos ng paglago ng ekonomya ngayong taon. Maging ang mga sektor ng manuaktura at pabahay na siya na lamang inaasahang mag-aahon sana sa ekonomya ng US ay hindi umasenso.

Noong simula pa lamang ng 2006 ay nag-anunsoyo na ang malalaking kumpanya tulad ng Ford, DaimlerChrysler at General Motors na magsasara na sila ng mga planta at magtatanggal ng mga manggagawa. Pinakamalaking bilang ng mga manggagawa ang sisisantehin ng Ford (30,000 empleyado). Tinatayang aabot sa 2.5 milyon ang mawawalan ng trabaho sa US ngayong

2006. Kaakibat nito, binabayong gahiganteng depisit sa kalakalan ang US. Tinatayang umaabot na ito sa \$820 bilyon (mula sa \$725 bilyon noong 2005). Ito na ang ikalimang taong hindi maapula ng US ang disbalance sa kalakalan.

Kinundena ng mga unyon ng manggagawa ang pagpapabaya ng rehimeng Bush sa kalagayan nila at ang patuloy na kawalan ng sapat na empleyo. Ayon sa mga unyon, mas ninanais pa ni Bush na patabain ang bulsa ng mga mayaman niyang kroni sa pamamagitan ng paglilipat nila ng mga kumpanya at trabaho sa labas ng bansa kung saan nasasamantala ng mga imperyalista ang



mababang pasahod at murang hilaw na materyales kapalit ng malaking ganansya. Binibigyan din ng rehimeng Bush ang mga imperyalistang kumpanya ng malalaking diskwento sa buwis (*tax cuts*) subalit hindi pinatataas ang sweldo o benepisyo ng mga manggagawa. Bagkus ay binawasan pa sila ng benepisyo sa kalusugan, pagreretiro at seguridad sa trabaho. Anila, nababaon na sa utang at pagkalugi ang mga manggagawang Amerikano at napipilitang magtyaga sa mga trabaho sa sektor ng serbisyo na mabababa ang pasahod.

nababaon na sa utang at pagkalugi ang mga manggagawang Amerikano at napipilitang magtyaga sa mga trabaho sa sektor ng serbisyo na mabababa ang pasahod.

Dagdag pa sa problema ng US ang gahiganteng utang pampubliko ng rehimeng Bush dahil sa "gerang anti-terorismo" at depisit sa badyet. Anim na taon nang hindi balansyado ang badyet ng US.

## "Gera laban sa terorismo" ng US, nagpalaki sa banta ng terorismo

INAMIN ng mga ahensya ng paniktik ng US na ang "gera laban sa terorismo" ng rehimeng Bush ay lalo lamang nagdulot ng ligalig at nagpalaki sa banta ng terorismo. Binatikos din nila ang kawalan ng plano ng US para sa pag-aalis sa Iraq (*exit strategy*) at ang patuloy na pang-aabuso nito sa mga nakuulong na suspectadong terorista.

Limang taon pagkaraan ng teroristang atake sa US na tinaguriang "9-11," hindi pa rin napapawi ang banta ng terorismo sa US o mga kaalyado nito. Bagkus ay nagpapatuloy ang ligalig dahil sa sobrang takot nila sa inaakalang sunod na atake. Noong nakaraang buwan, dumalang ang mga byahe ng eroplano, partikular ang mga

byahe tungong US at UK dahil sa banta umano ng panibagong atake ng al Qaeda. Sunud-sunod na pinaghuhuli ang mga taong mukhang Arabo sa suspectang myembro sila ng mga selyula ng mga terorista kahit mamamayan sila ng US o UK. Bukod rito, inembargo ng pulisia ang kanilang mga impok na pera sa bangko.

Bukod sa pagsakop sa Afghanistan at Iraq, ginagatungan din ng rehimeng Bush ang pagsiklab ng anti-US na sentimyento sa mga territoryo ng Hezbollah sa Lebanon at Hamas sa Palestine. Ayon sa mga eksperto ng US sa paniktik, patuloy sa panggegera ang rehimeng sa gitna ng nagdudumilat na katotohanang wala itong batayan

para akusahan ang Lebanon at Palestine sa pagkukkop sa mga elemento ng al Qaeda. Ngunit dahil sa panggigipit ng US, lumawak pa ang suportang tinatamasa ng al Qaeda, Hamas at Hezbollah. Sinasabing nagbunga na ang suportang ito ng "isang henerasyon ng mga *mujaheedin* (o mandirigmang Muslim) na handang lumaban sa US."

Batay sa pagsusuri ng mga ekspersto hinggil sa terorismo, lalo lamang nalulugmok sa mapangwasak na mga gera ang US at lalong lumalaki ang rekursong nawawaldas at dumarami ang bilang ng nanganamatay na mga sundalong Amerikano at mamamayan sa mga sinasakop na bansa.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 19

Oktubre 7, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Kaliwa't kanang pagpapakana ng rehimeng Arroyo


**S**abayang itinutulak ngayon ng Malakanyang ang "Plan A" at "Plan B" upang maisagawa ang "Cha-cha" (*charter change* o pagbabago ng reaksyunaryong konstitusyon) bago ang nakatakdang halalan ng 2007. Habang iginigiit ng mga alipures ni Arroyo sa Korte Suprema ang ligalidad ng "people's initiative" na paraan ng Cha-cha, todo laga naman ang mga maniobra sa Kongreso na itransforma ang sarili sa isang "Constitutional Assembly" (Con-Ass) o asembliyang may kapaniryarihang baguhin ang konstitusyon. Subalit alinman sa dalawa ay kumakaharap sa malalaking pampolitika at ligal na balakid at magtagumpay lamang sa pamamagitan ng pagbulldoser sa lahat ng humahadlang sa mga ito.

Nitong Setyembre 26, namilipit si Solicitor General Eduardo Nachura, ang ULAP (Union of Local Authorities of the Philippines) at Sigaw ng Bayan sa pagpapaliwanag sa Korte Suprema ng mga batayan ng kani-lang petisyong baguhin ang konstitusyon (*tingnan ang kaugnay na artikulo*) sa pamamagitan ng "people's initiative" o pangangalap ng pirma ng 3% ng mga botante sa bawat distrito.

Kahit pa tambak ang mga huwes na itinalaga ni Arroyo, mahihirapan ang Korte Suprema na tahanang katigan ang petisyong ito na hindi nag-uudyok ng matinding reaksyon ng mamamayan.

Kaya naman pinapaspasan ng pangkating Arroyo ang "Plan B" na muling itinutulak ng mga alipures ni-to sa Kongreso ang Con-Ass. Determinado silang isalaksak ang Con-Ass kahit pa hindi nila makuhang pagsang-ayon at paglahok ng Senado, tulad ng itinatakda ng reaksyunaryong batas. Nangunguna ito ngayon sa adyenda ng Kongreso at inaasahang tatapusin sa loob ng isa o dalawang buwan. Kung mga alipures ni Arroyo ang tatanungan, wala nang magaan na eleksyon para sa pambansa at mga lokal na pamahalaan sa 2007 at maging sa 2010. Ang mga myembro ng Kongreso, mga pinunong lokal, at syempre, si Arroyo, ay mananatili sa kanilang pwesto sa susunod na limang taon o mahigit pa.

Walang sinasayang na panahon si Arroyo sa kanyang mga maniobra upang pangunahan at sansalain ang kilusang protesta ng naganganaglit na sambayanan.



**Mga tampok sa isyung ito...**

Pagpupugay sa pinaslang na obispo  
PAHINA 4

FSQ: Kumperensya sa rebolusyong agraryo  
PAHINA 8

**Kudeta sa Thailand**

PAHINA 10

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*